**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# KONTEKSTWALISADO AT LOKALISADONG MODELO NG PAGTUTURO SA KOMUNIKASYON AT PANANALIKSIK SA WIKA AT KULTURANG PILIPINO

**KATTIE C. TAGUD**
**TEACHER III**
Calinog National Comprehensive High School
kattie.tagud@deped.gov.ph

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbuo ng kontekstuwalisado at lokalisadong modelo ng pagtuturo sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Ito ay isang descriptive-evaluative na pag-aaral. Ginamit ang talatanungan upang tiyakin ang antas ng kahusayan ng nabuong modelo sa kabuuan at batay sa pisikal na anyo, layunin, kompetensi na nalilinang, kasanayang pampagkatuto, at pagtataya at ebalwasyon. Bago binuo ang modelo sinuri ng mananaliksik ang Curriculum Guide sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino at pinili ang mga aralin na maaaring lapatan ng mga lokalisadong kagamitan at ang pamamaraang 4As ang ginamit sa paglinang at pagtalakay ng mga aralin. Upang matiyak ang antas ng kahusayan ng binuong modelo, katampatang tuos ang estadistikang ginamit sa pag-aaral. Natuklasang napakahusay ng modelo sa kabuuan at batay sa pisikal na anyo, layunin, kompetensi, karanasang pampagkatuto, at pagtataya at ebalwasyon. Nahihinuha na ang binuong modelo ay nagtataglay ng katangian ng isang mabisang kagamitang pagtuturo at maaring maging kasagutan sa kakulangan ng kagamitang pampagtuturo. Higit na malilinang ang mga kasanayan at kompetensi ng mga mag-aaral gamit

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

ang mga kontekstuwalisado at lokalisadong kagamitan na sumasalamin sa kultura ng kanilang pamayanan na may mas malalim na pagpapahalaga sa kanilang kultura, sariling identidad, at wika.

**Susing Salita:** *Kontekstuwalisado, Lokalisado, Modelo ng pagtuturo*

## PANIMULA

### Sanligan ng Pag-aaral

Kasabay ng pag-inog ng mundo dumarating ang pagbabago sa larangan ng edukasyon. Ang dating sampung taong basikong edukasyon ay nadagdagan ng dalawang taon sa pagpapatupad ng Batas Republika bilang 10533 o mas kilala bilang Enhanced Basic Education o K to 12 Curriculum. Sa programang ito ginawang sapilitan ang pagpasok ng mga bata sa kindergarten, nagkaroon din ng JHS o Junior High School (Grade 7-10) at SHS o Senior High School (Grade 11-12).

Sa tulong ng Sustainable Development Goal ng UNICEF sinisiguro ng ahensiya na makakatanggap ng dekalidad na edukasyon ang bawat mag-aaral upang magsulong ng panghabambuhay na pagkatuto at ang lahat ng kanilang mga suliranin at hinaing ay dapat na natutugunan. Sa kasalukuyang ulat ng EBEIS o Enhanced Basic Education Information System ng Departamento ng Edukasyon na siyang namamahala sa pagtitipon ng mga datos mula sa mga paaralan at field offices (web-based), makikita sa resulta ng NAT o National Achievement Test lalo na sa Filipino na nakakuha lamang ito ng 58.04 na porsyento. Patunay lamang ito na

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

ang mga mag-aaral ay may kinakaharap na iba't ibang suliranin sa pag-aaral. Isa na rito ang kahinaan sa pag-unawa o komprehensyon sa kanilang binabasa at kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo lalong-lalo na ng mga teksto o lunsaran na mas magaan at madaling maunawaan ng mga magaaral at nasa lokal na konteksto.

Kaya, upang matugunan ang suliraning ito iba't ibang kaparaanan at istratehiya sa pagtuturo ang ginagawa ng ahensiya para mapukaw ang interes ng mga mag-aaral. Dito pumapasok ang gamit ng kontekstwalisasyon at lokalisasyon. Patunay lamang ito na matututo ang mag-aaral nang mabilis at makabubuo ng mga matatalinong pagpapasya na huhubog sa kanyang buong pagkatao kapag ang kanyang wikang ginagamit ay ang kanyang unang wika (Baer, 2017).

Ayon sa pag-aaral ni Carlson (2000) ang kontekstwalisasyon ay ang proseso ng pag-aaral sa ukol sa pag- uugnay ng aralin/kurikulum sa tiyak na tagpuan, lugar at sitwasyon ng paglalapat upang maging makabuluhan, angkop at kapaki-pakinabang sa mga estudyante. Sa gayon magiging mabisa ang paggamit ng guro ng alternatibong teksto sa kanyang pagtuturo lalo na kung ang tekstong ginamit ay nasa konteksto ng mga magaaral. Nangangahulugan lamang ito na saan mang sulok ng bansa, gumagamit ang guro ng iba't ibang kagamitan upang maihatid ang mga pamantayan ng kurikulum at pag-uugnay ng mga aralin sa sitwasyon, tagpuan, o lugar ng paggamit o paglalapat Para maging makabuluhan, kapaki-pakinabang at angkop, ito sa mga estudyante.

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa ng mananaliksik sa layuning matugunan ang problema ng mga guro hindi lamang sa kakulangan sa kagamitang pampagtuturo kundi para

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

mas maging magaan ang pagtatalakay ng kanilang aralin sa tulong ng kontekstwalisasyon at lokalisasyon.

**Disenyo at Pamamaraan ng Pag-Aaral**

Ang Kabanata 3 ay may limang bahagi: 1) Disenyo ng Pag-aaral, 2) Mga Tagatugon ng Pag-aaral, 3) Mga Kagamitan sa Pagtitipon ng mga Datos, 4) Pamamaraan, at 5) Pangistadistikang Pagtatalakay sa mga Datos.

Ang pag-aaral na ito ay may layuning bumuo ng kontekstuwalisado at lokalisadong modelo ng pagtuturo sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino na magiging kapaki-pakinabang at makabuluhang kagamitang pampagtuturo. Tinaya rin ang kahusayan ng nabuong modelo ng pagtuturo.

**Metodolohiya ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay palarawang pananaliksik. Inilalarawan nito ang tumpak na anyo ng kasalukuyang kalagayan ng mga baga-bagay na maaaring berbal, grapiko, kwantitatibo o istatistikal. Ayon sa kanya, ang kahusayan ng palarawang pananaliksik ay nakasalalay sa pagkabalido at pagkamaasahan ng mga datos. Kung kaya ang pag-aaral sa uring ito ay nagkaroon ng halaga at namumukod tangi ayon sa resulta o kinalabasan (Espina, 2013).

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**Disenyo ng Pag-aaral**

Deskriptiv-ebalwativ ang disenyong ginamit sa pagaaral na ito na may layuning tayahin ang antas ng kahusayan ng ginawang lokalisado at kontekstwalisadong modelo ng pagtuturo batay sa mga tiyak na elemento nito sa pamamagitan ng isang talatanungan.

Ayon kay Arifin (2016) ang disenyong deskritiv– ebalwativ ay naglalayong magbigay ng impormasyon para sa isang tagagawa ng desisyon na may kaugnayan sa kalakasan o kahinaan ng isang programa, gawain o bagay kung ito ba ay epektibo o hindi. Halimbawa nito ay implementasyon ng isang kurikulum o implementasyon ng contextual learning.

**Ang Mga Tagataya**

Ang mga tagataya ng modelo ay mga guro sa Filipino sa Ikatlong Distrito ng Iloilo na nakapagturo sa loob ng mahigit limang taon at isang Division Specialist na pinili ayon sa kanilang kadalubhasaan.

Naging mabisa at makabuluhan ang pag-aaral dahil kumuha ang mananaliksik ng mga tagatugon na may kinalabasan sa pinag-aaralan at kadalubhasaan sa pagtataya.

**Mga Kagamitan sa Pagtitipon ng mga Datos**

Matapos makagawa ng limang (5) lokalisado at kontekstwalisadong modelo ng pagtuturo ay gumawa ng isang talatanungan ang mananalikisk na ginamit bilang ebalwasyong papel mula sa pamantayang ibinigay sa pagtataya ng antas ng kahusayan ng ginawang modelo ng pagtuturo. Ang talatanungan ay binubuo ng dalawang bahagi. Ang unang bahagi

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

ay naglalaman ng Personal na Pagkakakilanlan ng tagatugon at ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng mga pamantayan sa pagtataya.

Ang antas ng kahusayan ng ginawang modelo ng pagtuturo ay tinaya ayon sa mga sumsusunod na tugon: "Lubhang Sangayon", "Sang-ayon, "Katamtaman", "Hindi Sang-ayon" at "Lubhang di Sang-ayon".

Ang bawat tugon ay may sumusunod na puntos para sa pang- estadistikang gamit.

| Tugon | Puntos |
|---|---|
| Lubhang Sang-ayon | 5 |
| Sang-ayon | 4 |
| Katamtaman | 3 |
| Hindi Sang-ayon | 2 |
| Lubhang di Sang-ayon | 1 |

Upang matukoy ang antas ng kahusayan ng binuong modelo ang sumusunod na iskala ay ginamit.

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 4.21 - 5.00 | Lubhang Napakahusay |
| 3.41 - 4.20 | Mahusay |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

2.61 - 3.40 Katamtaman ang Kahusayan

1.81 - 2.60 Hindi Mahusay

1.00 - 1.80 Lubhang Di-mahusay

Ang "Lubhang Napakahusay" ay nangangahulugang napakahusay ng ginawang modelo ng pagtuturo.

Ang "Mahusay" ay nangangahulugang mahusay ang ginawang modelo ng pagtuturo.

Ang "Katamtaman ang Kahusayan" ay nangangahulugang mahusay nang bahagya ang ginawang modelo ng pagtuturo.

Ang "Hindi Mahusay" ay nangangahulugang di gaanong mahusay ang ginawang modelo ng pagtuturo kaya kailangang iwasto.

Ang "Lubhang Di-mahusay" ay nangangahulugang di mahusay ang ginawang modelo ng pagtuturo kaya kailangang palitan.

**Katumpakan ng Talatanungan**

Ang nasabing talatanungan ay dumaan sa proseso ng balidasyon mula sa tatlong eksperto sa Filipino.

Ipinamahagi ito sa mga guro sa Filipino sa antas sekundarya na nagtuturo ng Filipino sa Ikatlong Distrito ng Iloilo upang magsagawa ng ebalwasyon at mataya ang kahusayan ng ginawang modelo ng pagtuturo. Mula sa ebalwasyon at komentong ibinibigay ng mga guro,

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

ang mananaliksik ay nagsasagawa ng ilang rebisyon bilang bahagi ng pagpapakinis sa instrumento.

**Pamamaraan ng Pag-aaral**

Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na hakbang ay isinasaalang-alang: *Una*, pangangalap ng mga kinakailangang datos at impormasyon ukol sa pagbuo ng modelo ng pagtuturo. Nagsaliksik ang kinauukulan sa mga akdang lokal na mahalaga sa isinagawang pag-aaral.

*Ikalawa***,** pagsusuri ng mananaliksik ng Curriculum Guide sa Filipino, baitang 11 lalo na sa asignaturang

Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**.** Binigyang-tuon sa pagsusuri ng Guide, ang mga aralin o leksyon na maaaring lapatan ng mga lokalisadong mga kagamitan.

*Ikatlo*, paggawa ng dummy ng modelo upang gawing batayan sa pagbuo ng lokalisado at kontekstuwalisadong modelo. Sa bahaging ito, binalangkas ang mga bahagi ng gagawing kagamitan upang matiyak ang maayos na paglalahad ng mga aralin at mga gawain. Ang mga pamantayan ng isang mainam na modelo ginawang gabay.

*Ikaapat*, paggawa ng talatanungan. Bumuo ng talatanungan ang mananaliksik na tataya sa antas ng kahusayan ng modelo. Ang instrumentong ito ay hinawig sa kay Sabangan (2018). Isinaalang-alang sa talatanungan ang mga sangkap o komponent na makatasa sa antas ng kahusayan ng modelo: pisikal na anyo, layunin, kompetensi, karanasang pampagkatuto at pagtataya o ebalwasyon.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*Ikalima,* pagsasailalim sa balidasyon ng talatanungan. Pagkatapos na iniharap sa tagapayo ang nabuong talatanungan, ito ay ipinasuri sa tatlong guro sa Calinog National Comprehensive High School para matiyak ang pagkabalido nito.

*Ikaanim*, pagbuo ng limang (5) modelo sa pagtuturo. Maingat na tinukoy ng mananaliksik ang mga araling saklaw ng ginawang modelo. Ibinatay ito sa gabay sa kurikulum ng Filipino sa Ikalabing-isang Baitang ng Kagawaran ng Edukasyon.

*Ikapito*, pagpili ng mga akdang lokal mula sa aklat, mga magasin at iba pang mga sanggunian upang maisakatuparan ang kontekstuwalisasyon ng nasabing modelo. Iniayon ito sa kahingian ng mga layunin ng bawat aralin. Isinaalang-alang ang mga pamantayan ng gabay sa kurikulum ng Senior High School sa pagtukoy ng nilalaman nito. Ang mga akda ng sinulat na mga lokal na manunulat sa Calinog, Iloilo ay ginamit.

*Ikawalo*, pagbuo ng lokalisado at kontekstuwalisadong modelo sa pagtuturo. Ibinatay ang mga gawain sa pagkatuto sa umiiral na balangkas ng K to 12 Basic Education Curriculum na binubuo ng mga yugto sa pagkatuto. Inilapat ang estratehiyang 4A's at REACT sa pagtalakay ng aralin at sa pagdaloy ng mga gawain.

*Ikasiyam,* pagpapawasto sa tagapayo. Iniharap ang nabuong modelo sa tagapayo para sa kanyang pagwawasto at pagpupuna. Ang mga input na kanyang ibinigay ay isinaalangalang sa pagpapakinis ng kagamitan.

*Ikasampu,* pagtaya sa antas ng kahusayan ng modelo. Ang pinakinis na anyo ng modelo ay iniharap sa tatlong tagataya upang matasa ang kahusayan nito. Ang kanilang mga puna at mungkahi ay naging mahalaga para sa lalong ikakakinis ng modelo.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Pang-estadististikang Pagtalakay ng mga Datos**

Ang mga natipong datos sa pag-aaral ay tinuos sa pamamagitan ng mga sumusunod na estadistikang patalakay:

**Katampatang tuos o Mean**. Ito ang ginamit upang matukoy ang kahusayan ng ginawang modelo ng pagtuturo.

Sinuri ng mananaliksik ang kinalabasan ng pagtataya sa pamamagitan ng pagkuha ng katampatangtuos o mean ng mga puntos na inilaan ng mga tagatugon sa bawat pamantayang sinukat.

**Paglalagom, Konklusyon at Rekomendasyon**

Ang kabanatang ito ay binubuo ng tatlong bahagi:

Paglalagom, Konklusyon at Rekomendasyon.

**Paglalagom**

Layunin ng pag-aaral na ito na bumuo ng kontekstuwalisado at lokalisadong modelo ng pagtuturo sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino bilang kagamitang pampagtuturo at mataya ang kahusayan nito sa pamamagitan ng pagkilatis ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at isang Division Specialist.

Ginamit ang disenyong Deskriptiv-ebalwativ sa pagaaral na may layuning bumuo at tayahin lokalisado at kontekstwalisadong modelo ng pagtuturo batay sa mga tiyak na elemento nito sa pamamagitan ng isang talatanungan na ginawa ng mananaliksik.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

Tinaya ang limang (5) kontekstwalisado at lokalisadong modelo ng pagtuturo sa pamamagitan ng talatanungang binuo, tiniyak ng tatlong tagataya ang antas ng kahusayan nito at ibinatay sa pamantayang ginagamit sa paggawa ng modelo ng pagtuturo gaya ng pisikal na anyo, layunin, kompetensi, karanasang pampagkatuto, at pagtataya at ebalwasyon.

Ginamit ang katampatang-tuos o mean sa pagtukoy ng antas ng kahusayan ng ginawang modelo ng pagtuturo. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay ang sumusunod: Ang mga paksang ginawan ng kontekstuwalisado at lokalisadong Modelo ng Pagtuturo ay Antas ng Wika, Komunikatibong Gamit ng Wika sa Lipunan Tuon sa Wikang Instrumental, Konseptong Pangwika, Wikang Heuristiko at Wikang Interaksyunal.

Ang saklaw ng modelo ay binubuo ng pitong bahagi:

Layunin, na kinapapalooban ng Pamantayang Pangnilalaman, Pamantayan sa Pagganap, at Mga Kasanayan sa Pagkatuto; Paksa o Nilalaman na naglalakip ng mga kagamitang panturo gaya ng aklat, internet at karagdagang kagamitan sa pagkatuto; Pamamaraan na gumagamit ng 4As o Activity, Analysis, Abstraction at Application sa paglalahad ng mga aralin at karanasang pampagkatuto; Ebalwasyon na sumusukat sa kaalaman ng mag-aaral sa inilahad na mga aralin; Kasunduan o Karagdagang Gawain para sa Takdang Aralin o Remediation, Mga Tala; at Pagninilay.

Ang mga lokal na kagamitan sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng mga aralin ay binubuo ng mga sumusunod: music video ng Suguidanon Film Festival na may pamagat na "Sintas ang Kabuhi" na sinulat ni Dr. Jesus C. Insilada at mga lokal na alamat na nakasulat sa unang wika ng mga mag-aaral para sa Unang Modelo. Ang mga panuto na nakasulat sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

wikang Hiligaynon, mga gawaing panukalang batas, gabay at alituntunin, pelikulang "Napulo kag Apat" ni Nhessa Mar C. Cataloctocan, at mga babala at paalala na nakasulat sa wikang Hiligaynon o Kinaray-a ang mga lokal na kagamitan para sa Ikalawang Modelo.

Para sa Ikatlong Modelo, binasa ang tulang "Tumandok at Tiyog" ni Dr. Jesus C. Insilada, at mga binalaybay.

Ang video ng lokal na mga balita at mga balitang nakuha sa lokal na mga pahayagan ay ginamit naman sa Ikaapat na Modelo samantalang ginamit naman ang pelikulang "Dagta ka mga Halintang" ni Nhessa Mar C. Cataloctocan at mga dayalogong nakasulat sa Wikang Hiligaynon at Kinaray-a sa Ikalimang Modelo.

Napakahusay ng binuong kontekstuwalisado at lokalisadong modelo ng pagtuturo batay sa pagtataya ng 2 guro sa Filipino at isang Division Specialist sa kabuuan at batay sa pisikal na anyo, layunin, kompetensi, karanasang pampagkatuto at pagtataya at ebalwasyon.

**Konklusyon**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ibinigay ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang binuong Modelo sa Pagtuturo ay nagtataglay ng katangian ng isang mabisang kagamitang pampagtuturo at maaaring maging kasagutan sa kakulangan ng kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.

Ang mga gawain at pagsasanay ay inihanda at ginawa para sa ikauunlad ng mga mag-aaral at malinang ang kanilang kasanayan sa komunikasyon at pananaliksik. Sa tulong ng mga kontekstuwalisado at lokalisadong gawain at mga babasahin ay mahuhubog sa kanila ang

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

kamalayan sa lokal na kultura tungo sa sariling pag-unlad, at maging sa pag-unlad ng komunidad at ng daigdig sa kalakhan.

Ang ginawang kagamitan ay nagbigay-daan upang maging mas maayos ang pagtatalakay ng mga aralin. Magiging madali ang pagtuturo ng mga aralin sa pamamagitan ng pagpasok ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa mga aralin dahil ginagamit ang unang wika sa paglalahad ng mga teksto at lunsaran nang sa gayon ay maging madali para sa sa mga bata ang matuto. Ang kontekstwalisasyon at lokalisasyon ay isa ring paraan ng paghubog ng pagiging malikhain nating mga guro sapagkat nakakaisip tayo ng mga kaparaanan kung paano natin maitatawid ang ating mga aralin sa tulong ng mga materyales at mga babasahin na makikita lamang sa ating mga lugar.

**Rekomendasyon**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, iminungkahi ang mga sumusunod:

Nararapat na magkaroon ng malawakang paggamit ng kontekstwalisasyon at lokalisasyon sa mga aralin lalonglalo na sa asignaturang Filipino upang mas lalong mapahalagahan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng unang wika at magamit ang mga resorses na makikita lamang sa kanilang paligid na sa gayon ay mas higit nilang maiangkop ang kanilang mga sarili sa mga pagbabagong nagaganap sa larangan ng edukasyon.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Gamiting kagamitang pampagtuturo ang mga nalikom na materyales sa pag-aaral at gamiting karagdagang sanggunian sa pagtuturo ng asignaturang Filipino lalong-lalo na sa Baitang 11.

Bilang karagdagan, nararapat na magsagawa ng seminar at kapulungan sa Kagawaran ng Edukasyon at ang mga paaralan na tumatalakay sa paggamit ng kontekstwalisasyon at lokalisasyon sa pagtuturo lalo na sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo. Inaasahan ng lubos na kaalaman at kasanayan sa istratehiyang ito upang maging madali ang pagtatalakay ng mga aralin.

Hinihikayat din ang ibang mananaliksik na magsagawa ng kaugnay na mga pananaliksik na nauukol sa kahalagahan ng kontekstwalisasyon at lokalisasyon ng kinalabasan hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi maging sa iba pang mga asignatura.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Talasanggunian**

Adejanvu, V.J. (2003). Teachers Perception of the Effects and Use of Learning Aids in Teaching: A Case Study of Wineba Basic and Secondary Schools, Faculty of Education, Institute of Education, Nigeria. Retrieved on April 12, 2007.

Aragona, L. (2011). Bisa ng mga Kagamitang Pamapagtuturo sa Kasanayan sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Ikaapat Taon. Di-nailathalang tesis, Iloilo State College of Fisheries.

Badayos, P. (2008). Metodolohiya sa pagtuturo at pagakatuto sa Filipino, mga teorya, simulain at istratehiya. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.

Belvez, P. (2002). Ang sining at agham ng pagtuturo ng wika. Manila, Philippines: Rex Bookstore.

Caday, P. (2016). Paglinang ng mga Aralin Batay sa Local na Kultura Bilang Supplemental Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino 7. Di-nailathalang Tesis, Unibersidad ng Pilipinas Visayas, Lungsod ng Iloilo.

Cajilig, A.C. (2017). Suliraning Panlipunan, mga Tunggalian at Simbolismo sa mga Piling Akdang Hiligaynon ni Dr. Jesus C. Insilada. Di-nailathalang tesis, Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo.

Denusta, J. (2001). Paglinang at Pagtataya ng Modyul sa Pagsulat. Di-nailathalang Tesis. Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo.

DepEd Order No. 31, Series of 2012. Policy Guidelines of the Implementation of Grades 1 to 10 of the K to 12 Basic Education Curriculum (BEC) Effective School Year 2012-2013.

Daves, W.A. (2005). Contextualist Theories of Knowledge. March 2005, Volume 20, issue 1.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Espina, B.C. & Borja, F.T. (1999). Retorika. Iloilo City: Seguiban Printers and Publishing House.

Gabuyo, A. (1998). Ang Sanayang-Aklat Bilang Kagamitang Pampagtuturo. Panayam sa Pambansang Seminar sa Filipino, Pagtataguyod ng Kagawaran ng Filipino sa Kolehiyo ng mga Sining at Agham sa sa Philippine Normal University.

Gacho, S.S. (2018). Pamamaraang 4A's sa Paglinang ng Kasanayan sa Pag-unawa ng mga Aralin sa Filipino 8. Di-nailathalang tesis, Pamantasan ng Iloilo, Lungsod ng Iloilo.

Hontiveros, T.P. & Ganzon, E.D. (2005). Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik. Iloilo City: Mindset Publishing Inc.

https://blogs.houstonisd.org/news/2013/03/06/teachers-can-use-exemplar-lessons-to-become-more-effective-in-classroom/.

https://tl.warbletoncouncil.org/modelos-pedagogicos-16237.

https://www.academia.edu/40013227/KONTEKSTUWALISADONG_BANG AY_ARALIN_SA_FILIPINO_BAITANG_7_KWARTER_1.

https://www.coursehero.com/file/70241234/Module3pdfpdf/.

https://www.researchgate.net/publication/310671685_Effects_of_Contextualization_on_the_Reading_Comprehension_Performance_of_Filipino_Learners.

Insilada, J.C. (2021). Kalipunan ng mga Akda ni Insilada.

Legario, S.D.S. (2020). Kagamitang Pampagtuturo Gamit ang Multimedia: Pagbuo at Pagtataya. Di-nailathalang tesis, Pamantasan ng Iloilo-PHINMA, Lungsod ng Iloilo.

Mayos, N.S., Gutierrez, J., & Ticaa, P.F. (2011). Ang guro ng bagong milenyo: mga kagamitang panturo sa Filipino. Cabanatuan City: Jimcy Publishing House.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Mouraz, A. & Leite, C. (2013). Putting Knowledge in Context: Curriculum Contextualization in History Classes, April 2013, Volume 6, Issue 3, *Transformative Dialogues: Teaching & Learning Journal*, Portugal.

Nacionales, M. (2008). Paglinang at Pagtataya ng Modyul sa Pagbasa. Di-nailathalang tesis, Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo.

Perez-Semorlan, T. et al. (2014). Ang panitikan at kulturang Pilipino. Quezon City: C & E Publishing.

Sabangan, L.B. (2019). Kontekstuwalisado at Lokalisadong Gabay sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Di-nailathalang Tesis sa Master ng mga Sining sa Edukasyon (Filipino), Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo.

Santos, B. (2003). Ang wikang Filipino sa loob at labas ng akademya't bansa – Unang sourcebook ng sangfil 1994-2001. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino – Diliman.

Tejada, M. (2014). Modyul sa Akademikong Filipino bilang Kagamitang Pampagtuturo para sa mga midshipmen. Di-nailathalang tesis, Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo.

Valdriz, J.F. (2017). Contextualization in the Philippines. Division Training on Interdisciplinary Contextualization for Mathematics Education.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************************

Zamora, N.C. (2016). Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan. Philippine Normal University.

****************************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****************************************************************************************************************